

Mga Katotohanang Nakapaloob sa Bibliya na Nagiging Batayan sa mga Doktrinang Itinuturo ng CGI

PANIMULA

Ang doktrina, katuruan at pananampalataya ng *'The Church of God International'* ay nakabatay sa Salita ng Dios, ang Biblia. Si Cristo mismo ang nagsasabing “hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” (Mateo 4:4)

Ang mga sumusunod na katuruan ay masusing pinag-aralan at pinahintulutan ng mga pinunong tagapangasiwa ng CGI bilang bahagi ng dokumento sa pamamahala at pagtuturo ng Salita ng Dios. Itinuturing namin na ang mga pananampalatayang ito ay nararapat sa paglalalatag ng tamang pundasyon sa tunay na pagpapaliwanag ng Salita ng Dios na nasa biblia, at nararapat lamang na ingatan at isasagawa ng sinumang nagnanais na sumunod sa kautusan ng Dios.

Ang 37 katuruan nakapaloob sa mga sumusunod na pahina ay paglalahad lamang ng maiikling pagpapaliwanag o buod ng aming pinaninindigang paniniwala. Para sa mas malalim pang kaalaman at pag-aaral, maaari lamang na bisitihan ang aming website sa www.cgiphils.org o www.cgi.org. Doon ay matatagpuan ang iba't ibang babasahin na lubos na magpapaliwanag ng mga ito.

May ibang babasahin ding tumatalakay ng ibang paksa na hindi nakapaloob dito para sa dagdag pang kaalaman. Ang lahat ng ito ay mapapasainyo ng libre o walang bayad, sumulat lamang kayo sa pamamagitan ng *'e-mail'* sa aming tanggapan upang makakuha ng sipi ng aralin na inyong kailangan. Maaari rin na *i-download* sa naturang *website* ang anumang aralin o babasahin na inyong nais. Maaari nyo ring ipaabot ang inyong mga katanungan sa nasabing *website*. Malugod po namin kayong pagsisilbihan sa abot ng aming makakaya.

1. DIOS

Ang Dios ay umiiral na mula pa sa walang hanggan, makapangyarihan sa lahat, tanging Tagapaglikha, at nangangalaga ng buong sansinukob. Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay.

Ang kapangyarihan ng Dios ay makikita sa lahat ng bagay na kanyang nilikha. Sapagka't ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios.

Siya ay isang Dios na Espiritu at ang sinumang nagnanais na Siya ay sambahin ay dapat sambahin Siya sa espiritu at katotohanan. Ang Dios ay binubuo ng isang pamilya kabilang ang Dios Ama, at Dios Anak na si Jesucristo. Ang Dios Ama, sa pamamagitan ni Jesucristo, ang Tagapaglikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay na nakikita at di nakikita. Sa Kanya nagmumula ang buhay ng lahat ng kanyang nilikha higit sa lahat ang buhay ng tao.

Nais Niyang ibahagi sa tao ang buhay na walang hanggan bilang kanyang mga anak. Ang lahat ng sa Kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, ang mga nagsisisampalataya sa Kaniyang pangalan. Siya rin ay Dios na Mapagmahal, di Niya ninais na ang lahat ay mapahamak bagkus ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Ang Dios ay makatarungan. Hindi Niya hahayaan na patuloy ang tao sa kanilang kasalanan kaya't ginawa Niya ang lahat upang tayo ay makasumpong sa kanya. Kung tayo lamang na tinatawag sa kanyang pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang kanyang mukha, at talikuran ang masamang mga lakad; didinggin Niya tayo mula sa langit, at ipatatawad ang ating kasalanan. Subalit kung tayo'y patuloy sa ating mga kasalanan, ipapataw ang parusang kamatayan. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, at dahil dito, ipinadala Niya ang kanyang bugtong na Anak na si Jesus upang bayaran ang ating mga kasalanan. Gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Nais ng Dios na ang kanyang mga anak ay maging bahagi ng pamilya ng Dios at makasama Niya sa Kanyang kaharian. Ito ang kabuuan ng kanyang plano para sa tao. Paparito ang Dios at mananahan sa mga tao, at sila'y magiging bayan niya at ang Dios ay sasa kanila at magiging Hari at Dios nila.

(Awit 19:1; 50:1, 6-7; Isaias 44:6; Nehemiah 9:6, 16-17; Juan 1:12-13; 3:16; Roma 1:20; Colosas 1:16; Hebreo 1:1-2; 1 Juan 3:1-2)

2. ANG BIBLIA

Ang buong kasulatan na kinasihan ng Dios ay naglalaman ng Kanyang buong plano ng kaligtasan at talaan ng kanyang bahagi sa buong kasaysayan. Ang luma at bagong tipan ay nagkakaisa sa pagpapahayag ng plano ng Dios sa sanlibutan. Naglalaman din ito ng pagkilos ng mahabaging Dios upang iligtas ang tao para magkaroon ng buhay na walang hanggan at maging bahagi ng kanyang kaharian.

Ang pagkakasulat ng bawat aklat sa biblia ay nagpapakita ng personalidad at malayang pagpapahayag ng damdamin ng manunulat, mababakas ang iba't ibang estilo at galing ng mga manunulat na bagama't magkakalayo ng panahon at lugar ay may nagkakaisang diwa at layunin dahil sa paggabay ng banal na Espiritu. Sa ganito'y itinuturing ang biblia na isang buong aklat na Salita ng Dios.

Ang Biblia ay kapahayagan ng Dios ng kanyang walang hanggan karunungan na hindi matutuklasan ng tao sa sariling pagpupunyagi. Ito ay pundasyon ng karunungan at katotohanan na ginamit ni Jesucristo at ng kanyang mga alagad sa pagtuturo ng katuwiran at daan patungo sa kaligtasan. Ipinakita ni Jesus ang mga halimbawa ng pamumuhay sa pamamagitan ng pagsunod sa buong kautusan na nakasulat sa banal na aklat upang ito'y maging gabay ng sinumang sumasampalataya at susunod sa Dios.

Ang mga alagad ay sumunod sa halimbawang ipinakita ni Jesus sa pagtalima niya sa salita ng Dios. Ito ang pinakasentro ng kristiyanong pananampalataya, ang doktrina at kautusan ay nakapaloob dito.

Upang mapaglaban ang tukso mula kasalukuyang hari ng mundo na si Satanas, ang biblia ang dapat nating maging sandigan sa araw-araw para maisakatuparan natin ang kalooban ng Dios. Ginamit ni Jesus ang salita sa banal na aklat sa panahon ng siya'y tinukso ni Satanas matapos niyang mag-ayuno ng 40 araw. Dito ay malinaw niyang ipinahayag na di lamang nabubuhay sa tinapay ang tao kundi sa bawat salita na nagmumula sa Dios. Sa ganito'y tuwirang sinasabi na ang salita ng Dios ay kailangan natin tulad ng pangangailangan natin ng pagkain sa ating katawan. Ang pagtalima natin bilang kristiyano sa kautusan ay nagpapakita ng pag-ibig natin sa Dios.

Ang biblia ang una ring ginamit ni Jesucristo sa pag-uumpisa ng kanyang ministeryo sa lupa kung saan sinabi niya na ang "kasulatan ay natupad na" sa ganito'y dineklara niya na Siya ang katuparan ng kasulatan.

Ang luma at bagong tipan ng biblia ay may pagkakaugnay-ugnay. Mula sa paglalang hanggang sa propeta sa lumang tipan ay nagtuturo sa iisang tagapagligtas at ang paghahari ng Dios. Ang Bagong tipan ay lalong nagbigay liwanag sa lahat sa pagdating ng ating Panginoon si Jesucristo bilang manunubos at ang mabuting balita na kanyang dala ng papadating na kaharian ng Dios. Maging si Apostol Pablo at ang iba pang alagad ay ginamit ang maraming sitas ng biblia sa kanilang pagtuturo, sa mga liham, at maging sa apat na ebanghelyo na isinulat nina Mateo, Juan, Marcos, at Lukas sa ganoon din paksa, ang kaligtasan ng sangkatauhan. Sa ganito'y maliwanag na ang buong kasulatan ay nauukol di lamang sa Judío, maging sa Gentil din.

Ang kasulatan ay talaan ng paglikha ng Dios sa sanlibutan, ang pinagmulan ng tao, at mga bagay, may buhay man o wala, at ang pagkalinga ng Dios sa lahat ng kanyang nilikha. Dito rin naitala ang kasalanan ng tao, ang paghahangad nila ng ibang hari at pagtalikod nila sa paghahari ng Dios. Ang muling pagpapakilala ng Dios sa kanyang bayan sa bundok ng Sinai sa panahon ni Moises at pagbibigay ng kanyang kautusan. Sa aklat ding ito binalangkas ng Dios ang pagliligtas na gagawin Niya sa tao sa pamamagitan ng mga propeta na nagpahayag ng pagdating ng Anak ng Dios, ang dadanasin nito sa kamay ng mga tao at pagkabuhay na muli. Ang katuparan ng kanyang pangako na maging bahagi tayo ng Kanyang kaharian at mapabilang sa kanyang mga anak ay ang pinaka-katuparan ng lahat kung saan ang Dios Ama ang Hari ng lahat sa kahariang walang hanggan.

Sa patuloy na pakikinig ng salita ng Dios at pagsunod sa kautusan na nakapaloob dito, lalago ang ating pananampalataya. Ito ang magtuturo sa atin ng dapat nating ugaliin bilang anak ng Dios, magtatama sa lahat ng ating maling paniniwala at magpapakilala sa atin sa tunay na Dios. Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.

(Deuteronomio 8:3; Mateo 4:4; Lucas 4:4; Juan 17:17; Roma 8:16; 1 Corinto 2:7-11; 2 Timoteo 3:16-17; 2 Pedro 1:20)

3. JESUCRISTO

Si Jesus ng Nazareth ay ang Cristo, ang Anak ng Dios, at ang Anak ng Tao. Siya ang ipinangakong Mesias o tagapagligtas sa lumang Tipan. Sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang

pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan.

Siya rin ay inilarawan sa bagong tipan bilang ganap na tao at ganap na Dios. Ang ikalawang miembro sa Pamilya ng Dios na umiiral na mula pa sa walang hanggan bilang 'Salita o ang Verbo'. Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. Siya ang salita na nagkatawang tao na tumahan sa gitna natin puspos ng biyaya at katotohanan.

Pinakilala Siya ni Juan Bautista bilang tupa ng Dios na nag aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Pinasimulan Niya ang kanyang ministryo sa paghirang sa labindalawang alagad niya. Ang mga ito ang kasama-sama niya at katuwang sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaligtasan at ang kaharian ng Dios.

Sa kanyang buong pusong pagtalima sa utos ng Dios Ama at pag-ibig sa sangkatauhan, hinubad Niya ang kanyang pagka-Dios, ang kapangyarihan at kaluwalhatian kaakibat nito, at nakitulad sa isang tao na may laman at buto. Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios, bagkus hinubad niya ito, at nag-anyong alipin, na nakitulad sa mga tao: At palibhasa'y nasumpungan sa anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, naging masunurin hanggang sa kamatayan sa krus.

Si Jesucristo maliban sa pagiging Dios Anak at ating panganay na kapatid sa pamilya ng Dios, ay isa ring buhay na Pangulo ng Iglesia ng Dios at Punong Pastol. Siya'y namatay sa krus para sa kanila at nabuhay na maguli sa mga patay. Ngayoy Siya ay nakaupo sa kanan ng Ama sa langit bilang ating Saserdote, Tagapamagitan at Tagapagtaguyod. At masidhi nating hinihintay ang kanyang pagbabalik bilang Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon upang maghari sa lahat ng mga bansa at magsilbing hukom sa pamamahala ng Dios Ama kasama ang kanyang mga hirang. (Deuteronomio 18:15; Mateo 17:15-17; Juan 1:1-3; Filipos 2:6-8; Efeso 5:23; Colosas 1:18; Hebreo 3:1; 1 Pedro 5:4; Roma 8:23; Pahayag 11:15; 17:14)

4. ANG ESPIRITU SANTO

Ang Espiritu Santo ay hindi isang persona o ikatlong miyembro ng Trinidad tulad ng paniniwala ng iba. Ito ay ang kapangyarihan Dios Ama, at Dios Anak na si Jesus na ginagamit upang naisasakatuparan ang kanilang layunin at ninanais para sa tao. Ang banal na Espiritu ay ipinagkakaloob sa sinumang taong nananampalataya sa Dios, buong pusong nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at nakahandang magbago, tinatanggap ang sakripisyo ni Cristo, nabautismuhan sa paglubog sa tubig, at napatungan ng mga kamay o pinahiran. Pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian.

Ang Banal na Espiritu ay siya ring kapangyarihan ng Dios na ginamit sa paglalang ng mundo, ng lahat ng mga bagay, maging ng mga tao. Ito rin ay ipinagkaloob sa ilang tao, hari at mga propeta sa lumang tipan upang maipahayag ang kanyang salita sa iba't ibang panahon.

Ang Banal ng Espiritu ang bumaba mula sa langit nung bautismuhan si Jesucristo sa ilog Jordan ni Juan Bautista. Ito rin ang naghatid kay Jesus upang subukin at tuksuhin ng diablo matapos Niyang mag-ayuno. Ang mga mananampalataya na nagtipon sa araw ng Pentecostes ay napuspos ng Espiritu Santo, at nangagsalita sa iba't ibang wika na naiintindihan ng mga taong nakapaligid sa kanila.

Ang Espiritu Santo ay isinusugo ng Dios upang maging ating taga-aliw, tagapagturo at tagapagpaalala ng lahat sinabi sa Salita ng Dios o ng Biblia. Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa pangalan ni Jesus, siya ang magtuturo sa atin ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa narinig, at nabasa mula sa Salita ng Dios at magpapatotoo tungkol kay Jesucristo.

Ang pananahan ng Banal na Espiritu sa sinumang sumasampalataya at sumusunod sa Dios ay sakdal na patunay ng pangako ng muling pagkabuhay natin mula sa mga patay at ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo. Ito ang kapangyarihan ng Dios, upang tayo'y maging anak ng Dios at tagapagmana ng kaharian ng Dios at makabahagi ng kakayanang matutunan ang pag-ibig ng Dios. Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan.

(Mga Gawa 1:8; 2:38; Roma 8:9, 14; 1 Corinto 2:16; Efeso 1:13-14; Juan 14:26, 15:26)

5. SANGKATAUHAN

Ang sangkatauhan ay nilikha ayon sa larawan at wangis ng Dios at binigyan sila ng kapangyarihan pagharian ang mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawat umuwasad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa. Sa lahat ng ginawa ng Dios, tao lamang ang nilikha ayon sa kanyang larawan at wangis. Ang mga hayop maging ang mga halaman ay nilikha ayon sa kani-kanilang uri, maliban sa tao na itinalaga bilang kauri ng Dios. Sa unang kabanata ng biblia, mapapansin agad ang paglalang sa bawat bagay na may buhay, sa lupa, nananahan sa dagat at tubig man, lahat ay 'ayon sa kani-kaniyang uri, ang tao lamang ang kauri ng Dios ayon sa kanyang wangis at larawan. Sa ganito'y mababanaag na ang potensyal ng tao na maging anak ng Dios ayon sa plano Niya. Bagamat ang tao, bilang laman at dugo sa pasimula ay nilalang ng mas mababa sa Dios, sa kaanyuan, damdamin, pagiisip, pagiging malikhain at kakayanang mamuno. Gayunman, nais ng Dios na sa huli ay maibahagi ang kanyang kaluwalhatian, kapangyarihan, karunungan, ang kanyang katuwiran at kabanalan.

Bagamat Siya'y Makapangyarihan, hindi Niya nilikha ang tao na ganap o perpekto, ang tao ay binigyan ng laya ng Dios na pumili ng tama o mali, na piliin ang tama at tanggihan ang mali ayon sa pamantayan ng Dios. Ang di pagsunod ng tao at di pagsisisi ang nagtulak sa Dios upang ang tao ay ialis sa halamanan ng Eden. (Genesis 1:26–27; Job 32:8; 1 Corinto 2:11; 1 Juan 5:11–13)

6. ESPIRITO O DIWANG NASA TAO

Nang likhain ng Dios ang tao mula sa alabok ng lupa at hingahan ang butas ng kanyang ilong ng hininga ng buhay, ang tao ay naging kaluluwang may buhay. Subalit ang tao ay binigyan ng diwa o espiritu na higit na mahusay o magaling kaysa anumang nilikhang may buhay. Ang kaisipan ng tao kasama ang diwang nasa tao, ay nagbibigay ng karunungan higit sa mga hayop at kauri nito.

Ang tao ay pisikal na nilalang na di nagmana ng imortalidad o buhay na walang hanggan. Ang tao ay mortal, may kasiraan at pagkabulok. Tayo ay nabubuhay na may limitadong panahon o oras na bigay ng Dios. Gayunman, ang tao ay may espiritwal na sangkap—espiritu o diwa nasa tao. Ito ang espiritu nagbabahagi ng talino at damdamin sa pisikal na utak ng tao, na nagbibigay sa tao ng abilidad na higit sa anumang nilalang ng Dios. Sapagka't sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya.

Sa oras na ang tao ay manampalataya, sumunod sa Dios at pagkalooban ng Espiritu Santo na mula sa Dios, ang Espiritu Santo kasama ang espiritu o diwang nasa tao ay magpapasimula ng pagsasaayos ng bagong espiritwal na nilalang. Ito ang diwang nagbabalik sa Dios matapos mamatay ang katawang pisikal. At ang alabok ay mauwi sa lupa gaya ng una, at ang diwa ay mababalik sa Dios na nagbigay sa kaniya.

Sa muling pagkabuhay o resureksyon, muling ilalagay ng Dios ang diwa o espiritung ito sa mga namatay sa bagong katawan, ibabalik ang kamalayan kung saan ang pagkatao, talino, karanasan, at alaala natin ay maisasalin ng buong buo sa bagong katawan, espiritu man o pisikal na katawan.

(Genesis 2:7; Job 32:8; Mangangaral 3:21; 12:7; Zacarias 12:1; Roma 8:16; 1 Corinto 2:11–15)

7. MGA ANGHEL

Lumikha ang Dios ng makapangyarihan espiritu o mga anghel bilang sugo at tagahatid-balita. Mula pa nang lalangin ang tao, ang mga anghel na ito ay gumaganap na bilang espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng magmamana ng kaligtasan. Sa maraming pagkakataon sa lumang tipan ay ipinadadala ng Dios ang kanyang anghel upang ingatan ang kanyang bayan, itaboy ang kanilang mga kaaway at maghatid ng balita sa tao.

Maging sa bagong tipan, makikita kung paano iningatan ng mga anghel sina Pablo, Pedro at iba pang lingkod ng Dios, ang pagbalita ng pagsilang ni Juan Baustista, at ni Jesus na ating tagapagligtas. Sila'y rin naman ay tagapaghatid ng salot at dalamhati sa mundo upang iparating ang kahukuman ng Dios gaya ng sa Sodoma at Gomorah, sa Ehipto sa panahon ni Moises kung saan ang lahat ng panganay ay nangamatay, at sa hinaharap matapos dumating si Jesucristo, ang kanilang pagdating ay magbabadya ng pagtunog ng trumpeta o pakakak at pagbuhos ng salot sa buong mundo na mababasa sa aklat ng Apocalipsis.

Tulad ng tao, ang anghel ay binigyan layang mamili ng tama o mali. Bagamat nilikha sila para tulungan ang Dios, may ilan sa kanila—sumunod at pinamunuan ni Satanas na si Lucifer na isa ring dating anghel—na naghimagsik laban sa pamamahala ng Dios. Silang lahat ay naging demonyo sa pamumuno ni Satanas.

(Awit 91:11–12; Efeso 6:12; Hebreo 1:7; Lucas 1:11, 26; Pahayag 8:7-13)

8. KALIGTASAN

Si Jesucristo ang pinakasentro ng kristiyanong pananampalataya at Siya ang tanging daan para maligtas ang tao sa kasalanan. At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas kundi sa pangalan lamang ni Jesus. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, at si Cristo ang gumanap non para sa lahat. Ang kaligtasan ang tanging paraan kung saan ang Dios Ama, sa pamamagitan ni Cristo, ay ililigtas ang tao sa kaparusahan sa kasalanan at mabibigyan sila ng buhay na walang hanggan.

Si Jesucristo ang ating tagapagligtas at tanging handog o hain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Bagamat Siya'y Dios, nag-anyong tao Siya at nagdusa at namatay sa kasalanan ng sangkatauhan. Sa kanyang pagiging tao, siya ay nakaranas ng mga pagsubok na dinadanas ng tao upang tayo'y higit Niyang maunawaan bilang ating mahabaging Saserdote. Ibinigay Niya ang kanyang buhay upang tayo ay mabuhay, at dumanas ng karimarimarim na kamatayan upang maunawaan ng tao ang katumbas ng ating mga kasalanan at akita at maramdaman natin ang pag-ibig ng Dios sa atin.

Ang pagliligtas na ginagawa ng Dios ay dumadaan sa ganitong kaparaanan. Nag-uumpisa ito sa isang pagtawag, inilalapat tayo ng Ama kay Jesus. Ikalawa, ang pagsisisi natin sa lahat ng ating mga kasalanan at desisyong talikuran ang masamang pita ng laman. Ikatlo, ang bautismo kung saan inilulubog tayo sa tubig para sa paglilinis at pagpapawalang sala sa pamamagitan ni Jesus. At ang huli ay ang pagtanggap ng Espiritu Santo, buhay na may pananampalataya at pagsunod, at ng pagsilang sa kaharian ng Dios bilang Espiritung buhay.

Ang kaligtasan ay libreng ibinibigay na handog mula sa Dios sa pamamagitan ng awa o habag ng Dios sa atin, subalit ito ay binabayaran ng walang katumbas na halaga, ang buhay at pagpapakasakit ng Anak ng Dios. Hindi Kaylan man maililigtas ng tao ang kanyang sarili. Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri.

Makakamtan lamang natin ang kaligtasan kung tatanggapin natin ang sakripisyong ginawa ni Jesus para sa atin, bilang ating Panginoon at Tagapagligtas, tatalikuran ang ating mga kasalanan at susunod sa buong kautusan ng Dios.

(Mateo 16:27; Juan 3:16–17; Roma 6:23; Efeso 2:8–9; Hebreo 6:1–2; Mga Gawa 4:12)

9. PANANAMPALATAYA

Ang pananampalataya ay pagtitiwala na mangyayari ang ating inaasahan, at katiyakan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. Kinalugdan ng Dios ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananampalataya sa kanya. Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Dios, at ang mga bagay na nakikita ay mula sa hindi nakikita."

Ang pananampalataya ay di kaloob mula sa Dios, ito ay dapat magmula sa atin bilang kristiyano, Sa masusi nating pag-aaral, pagbabasa at pakikinig ng salita ng Dios o Biblia, dito ay unti-unti nating naitataas ang antas ng ating pananampalataya. Ang pananampalataya ay para sa atin upang ating sanayin at palaguin. Ito ay nangagaling sa 'pakikinig, at pakikinig ng Salita ng Dios', (Roma 10:1).

Ang pananampalataya ay dapat may kalakip na mabuting gawa naaayon sa Itinuturo ng biblia at di sariling palagay o haka-haka. Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang lahat ng mabuting lingkod ng Dios ay pinatunayan ang kanilang pananampalataya sa pagsunod sa kautusan tulad nina Abraham, Jacob, Joseph, David at marami pang iba. Dito ay makikitang magkalakip ang kanilang pananampalataya at mga gawa, at naging ganap o buo ang kanilang pananampalataya dahil sa kanilang mga gawa. Kung tunay tayong nanampalataya sa Dios, sundin natin ang kautusan.

Ang pananampalataya ay isa sa pinakamahalagang sangkap ng kaligtasan. Walang kaligtasan kung walang pananampalataya. Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa *pamamagitan ng pananampalataya*. Kailangan natin kilalanin ang Dios at ang kaligtasan kaloob Niya, sa pamamagitan ni Jesucristo, na naging pantubos para sa atin. Dito nagsisimula ang paglago ng ating pananampalataya.

(Roma 1:17; 10:17; Efeso 3:17; Hebreo 11:1–2; Santiago 2:22–24)

10. PAGSISISI

Ang pagsisisi ay ang pagkilala sa ating mga kasalanan, kamuhian at talikuran ang ating mga likong gawain at magpasakop sa Dios.

Ang pagsisisi ay ang unang hakbang sa paglapit natin sa Dios at pagkilala sa kanyang kautusan bilang totoo at dalisay. Ang tunay na pagsisisi ay nangangahulugan ng pagtalikod sa dati nating buhay ng pagsuway o pagsalangsang sa kautusan ng Dios. Ito ay pagtahak sa daan ng Dios, ang daan nakasaad sa Biblia. Dapat tayong mabuhay sa bawat salita ng Dios, at di sa nais ng ating masamang pita at tawag ng laman.

Ang pagsisisi ay isa ring sangkap ng kaligtasan. Malinaw na ipinahayag nina Juan Bautista at ni Cristo nang magpasimula silang mangaral “Mangagsisi kayo, sapagka't malapit na ang kaharian ng Dios.” Kung gayon, ang pagsisisi ng ating mga kasalanan ay nararapat para makapasok sa kaharian ng Dios. Sapagkat walang sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios.

(Mga Gawa 2:38; 3:19–21; 8:22; 1 Juan 3:4; Efeso 5:5; Mateo 4:17)

11. BAUTISMO

Ang seremonya ng pagbabautismo, ay ginagawa sa paglubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan matapos magsisi at tanggapan ang ginawang paghahandog ni Jesus ng sariling buhay para sa atin.

Ang bautismo ay kumakatawan ng ating pananampalataya sa Dios, ang Kanyang kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Cristo para sa ating mga kasalanan. Kumakatawan din ito ng pagkamatay ng ating makasalang gawi at pagharap sa bagong buhay na may paggabay ng Espiritu Santong kaloob ng Dios.

Maging si Jesus ay nagpabautismo hindi dahil Siya'y makasalanan kundi upang ganapin ang buong katuwiran. Samakatuwid, ang pagpapabautismo ay isa ring kautusan na dapat tupdin ng sinumang nais sundan ang lakad ni Jesus.

(Mateo 3:13–16; Mga Gawa 2:38; Roma 6:1–8; Colosas 2:12)

12. PAGPAPATONG NG MGA KAMAY

Ang pagpapatong ng mga kamay ay mahalaga sa Iglesia ng Dios. Dito ipinakilala na ang Dios ay kumikilos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng di perpektong tao bilang kanyang mga hirang para isakatuparan ang kanyang layunin. Sa ilan ito ay isang abang karanasan, na makiayon sa di man perpektong tao subalit upang tupdin ang nais ng Dios ay kinasangkapan ang mga lingkod upang gabayan ang mga bagong silang kay Jesus bilang katuwang sa kanilang kaligtasan.

Mula sa unang limang aklat ng Biblia na isinulat ni Moises hanggang Apocalipsis o Pahayag, mapapansin natin na ang pagpapatong ng kamay ay ginagawa ng mga lingkod ng Dios sa isang Kristiano para patawan ng katungkulan o bigyang karapatan para sa iba't ibang layunin ng Dios. Kadalasan ito ay pormal na dasal ng kahilingan sa Dios na pagpalain, bigyan ng kakayanan at italaga ang pinapatungan ng kamay.

Isinasagawa sa ilang espesyal na okasyon tulad ng mga sumusunod;

Una ay sa pagtanggap ng Banal na Espiritu ng Dios na kadalasang nangyayari matapos ang pagsisisi at bautismo sa tubig.

Ikalawa, sa pagtatalaga bilang ministro, guro, o kamanggagawa para sa gawain ng Iglesia ng Dios.

Ikatlo, sa pagpapagaling ng may sakit at iba pang layunin na nangangailangan ng paggabay ng Dios.

Hindi ito isang kababalaghan na nagmumula sa may mahikang kamay ng mga lingkod, kundi isang seremonya kung saan ang mga lingkod ay nagpapakita ng pagkakaisa sa layunin na tupdin ang kaloob ng Dios na mapakalat ang ebanghelyo at ipagdasal ang mga kapatid na may kabigatan o karamdaman.

(Mateo 19:13–15; Mga Gawa 6:5–6; 8:17–18; 13:3; 1 Timoteo 4:14; Hebreo 6:2)

13. KAHARIAN NG DIOS

Ang kaharian ng Dios ay binubuo ng pamilya ng Dios na naghahari bilang pamahalaan ng Dios. Ito ang ipinangaral ni Jesus sa pasimula pa lamang kanyang pangangaral, ‘Mangagsisi kayo sapagkat ang Kaharian ng Dios ay paparating na!’

Ito ay panghinaharap na kaganapan ng kapamahalaan na itatatag sa mundong ito ni Jesucristo sa kanyang pagbabalik, kung saan Siya ang maghahari kasama ang mga binuhay na maguli sa espiritu kinabibilangan ng mga nagsisunod sa kanya at mga hirang ay maghaharing kasama Niya. Sila ay magkakaroon ng kani-kanilang posisyon sa pamamahala ng Dios sa

mundong ito. Silang nangagtagumpay ay ginawa ng Dios na mga hari at Saserdote at sila'y maghahari sa buong mundo kasama ni Jesus.

Ang kaharian ng Dios—na tinutukoy sa bagong tipan bilang isang ‘misteryo—ay unang ipinangaral at ipinaliwanag ni Jesus at ng kanyang hirang; ito’y maitatatag sa mundo ng isanlibong tao sa pagbabalik ni Jesucristo, at ang ganap na katuparan nito ay kapag ang bagong Herusalem at ang Dios Ama ay bumaba na upang manirahan sa bagong mundo. (Marcos 4:11; Pahayag 5:10; 20:4; 21:1–3, 7, 10)

14. EBANGHELYO

Ang ebanghelyo ay ang mensahe na ipinangaral ni Jesucristo at maging ng kanyang Iglesia o tagasunod hinggil sa paparating na kaharian ng Dios, ang pagbabalik ng kanyang kapamahalaan sa mundo at kung paano ang isang ordinaryong tulad natin ay makapapasok sa kaharian at pamahalaang iyon.

Kasama rin sa ebanghelyo ang mensahe ng pagliligtas na ginawa ni Jesus, ang kanyang ginagawa sa kasalukuyang at ang gagawin Niya sa hinaharap kung saan titipunin Niya at bubuhayin ang lahat ng naging Matapat Niyang lingkod at ang mga banal, at sila’y maghahari kasama Niya sa mundong ito.

Sa Ngayon, ang Iglesia ng Dios ay may isang layunin at katungkulan “magsiyaon, at gawing mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu; Na ituro sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko ni Jesucristo.

(Mateo 3:2; 24:14; 28:19–20; Marcos 1:15; Lucas 24:47)

15. PROPESIYA

Ang propesiya ay patotoo ng Dios sa kanyang bayan o alagad, pagpapahayag ng Kanyang banal na layunin at plano sa sangkatauhan. Bagamat mababasa sa salita ng Dios ang ilang mga balakid, at pagkakamali na gawa ng tao, sa kabila nito malinaw ang sinasabi ng Dios may plano at layunin siya sa lahat ng ito.

Na Siya ay Dios na walang katulad, inihahayag ang katapusan mula pa nung simula, at tutuparin Niya ang Kanyang layunin. Lahat ng ito ay ipinahayag ng Dios sa banal na aklat, ang biblia. Ang bayan ng Dios ay tinawag upang manatiling Matapat sa salita ng Dios na matuwid na ginagamit ang salita ng katotohanan at malaman na ang propesiya ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag o sa kalooban ng tao kailanman; kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na naudyukan ng Espiritu Santo.

Sa maraming nagdaang panahon, may di mabilang na bulaang propeta ang dumating at magpahanggang ngayon ay di sila maubos-ubos. Ang maling panghuhula o propesiya na sinasabing mula sa Dios ay isang malaking kasalanan at paglabag sa ikatlong utos ‘Huwag mong babanggitin o gagamitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan’.

Ang mga natupad na hula o propesiya sa kasulatan at maging ang mga natutupad pa lamang ay nagpapatatag ng ating pananampalataya sa Dios at kanyang Salita. Karamihan ng propesiya ng biblia ay mabubuting balita para sa atin.

(Isaias 46:9–11; Mateo 12:36–37; 2 Timoteo 2:15; 1 Pedro 1:20; Pahayag 19:10)

16. RESUREKSYON O PAGKABUHAY MULI

A pag-asa ng sangkatauhan at ang pangako sa kristiyano ay ang pagkabuhay muli sa mga patay. Ang biblia ay tumutukoy sa (1) muling pagkabuhay ni Jesucristo, ang panganay sa mga patay at pasimuno ng ating kaligtasan; (2) ang muling pagkabuhay ng mga banal—na tinatawag na unang resureksyon—sa pagparito muli ni Jesus kung saan ang tunay na mananampalataya ay magiging espiritung buhay at makakabilang sa pamilya ng Dios; (3) ang pagkabuhay muli sa pisikal ng katawan at buhay ng lahat ng namatay na di nakaunawa o di nakasumpong man lamang ng katuwiran ng Dios at ng kanyang plano, ito ang unang pagkakataon ng kanilang kaligtasan (4) at ang pagkabuhay muli ng mga masasama—yaong mga tumangging magsisi sa kanilang mga kasalanan at tinalikuran ang paraan at katuwiran ng Dios—ay mabubulid sa dagatdagatang apoy na tinatawag na ikalawang kamatayan.

(Juan 5:28–29; Mga Gawa 2:32; Roma 8:11; 1 Corinto 15:20; 1 Tesalonica 4:13–17; Pahayag 20:4–6,13–14.)

17. PAGHUHUKOM

Ang paghuhukom ay ang pagkakataon magkaroon ng kaligtasan ang isang tinawag ng Dios hanggang sa siya ay mamatay o sa pagkabuhay muli sa pagbabalik ni Jesucristo. Ang sinumang magtagumpay at maging karapat-dapat para sa

kaharian ng Dios ay magmamana ng buhay na walang hanggan at sa mga tumalikod at di kumilala sa Dios ay mabubulid at mamamatay sa dagat-dagatang apoy ng impiyerno.

(Mateo 13:49–50; 25:34; 1 Pedro 4:17; Pahayag 20:15; 21:8)

18. KAPATAWARAN

Ang pagpapatawad ay isang kalagayan kung saan ang mga kasalanan ay inalis na, binura o tinakpan. Mapapalad yaong ang pagsalangsang ay pinatawad, tinakpan ang kasalanan.

Alam natin na ang kasalanan ay isang kondisyon na naghihiwalay sa atin sa Dios. Ito rin ang dahilan kung bakit nagkakaroon tayo ng pagkakabaha-bahagi na sumisira ng ating relasyon sa isa't isa. Kung ganon, ang kapatawaran ay kailangan natin sa dalawang aspeto ng ating buhay. (1) Pagpapatawad ng Dios sa atin, at (2) Pagpapatawad natin sa isa't isa.

Ang halimbawang panalangin na ibinigay sa atin ni Jesus ay bumabalangkas ng kabuuan ng usapin hinggil sa pagpapatawad. Ang kapatawaran matatanggap natin sa Dios ay higit na nakasalalay sa pagpapatawad na ipinagkakaloob natin sa iba. Sinumang di magpapatawad sa iba ay di rin patatawarin ng Ama sa langit. Gayunpaman, ang pagpapatawad ay di makapag-aalis o makababawas sa mga maaaring maging bunga ng kasalanan, tulad ng nasusulat sa kasaysayan ni David sa Biblia at nang iba pang natala dito.

(Awit 32:1; 2 Samuel 11–12; Mateo 6:12, 14–15)

19. KAUTUSAN NG DIOS

Ang kautusan ng Dios na ipinahahayag sa biblia ay matuwid, mabuti at ganap. Ito ay walang hanggang kautusan at katotohanan na sumasalamin sa katangian ng Dios at nagpapakita ng pagmamahal ng Dios sa tao.

Ang kautusan ng Dios ay nagtuturo sa tao kung paano ang nararapat na paraan ng pagsamba sa Dios, pagmamahal sa kapwa-tao, at pamumuhay ng masagana, habang inihahanda ang sarili para sa walang hanggang buhay sa ipinangakong Kaharian bilang anak ng Dios.

Salungat sa paniniwala ng iba, ang kautusan ng Dios ay di kailanman inalis, sinira o winalang bisa. Ito pa rin ang pamantayan ng Dios para ugaliin ng mga taong sumusunod sa kanya, at sa pagkilala ng kanyang mga banal. 'Huwag ninyong isiping si Cristo ay naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: Siya'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay.

Ang kabuuan ng kautusan ng Dios ay ipinahayag kapwa sa luma at bagong tipan, at ipinakita sa mga gawa. Sa pamamagitan ng pagsunod natin sa kautusan, naipapakita natin ang pag-ibig natin sa Dios.

(Juan 14:15, 21; Roma 7:12; 1 Juan 5:2–3; Mateo 5:17–18)

20. MGA KASUNDUANG BIBLIKAL

Sa luma at sa bagong tipan nasusulat ang ilang mga pangako ng Dios na pamamagitan ng malinaw at tiyak na kontrata ng tao at ng Dios. Ito ay tinatawag na 'covenant o kasunduan sa pagitan ng Dios at ng tao. Dito ipinaliliwanag ang kaugnayan ng Dios sa mga tao o grupo ng mga tao sa iba't ibang panahon at pagkakataon.

Sa mga kasunduan ito, ang higit na kilala ay ang mga kasunduan ginawa ng Dios sa bayang Israel. Ang bagong kasunduan o testamento ay itinatag sa mas mahusay na pangako na maisasakatuparan sa espiritwal na Israel o mga Gentil at Judío sa muling pagbabalik ni Jesucristo. Ang bagong kasunduan o testamento, na magagamit maging sa Iglesia ng Dios mula sa orihinal na apostol, ay ginawa ang kautusan ng Dios na maaaring ring gamitin sa lahat ng panahon sa pagpapalawak nito maging sa kaisipan at espiritwal na intensyon nito.

(Mateo 5:21–22; 2 Timoteo 3:15–16; Hebreo 8:6–13)

21. ANG SAMPUNG UTOS

Ang sampung utos na ipinahayag ng Dios, isinaayos ni Moises, at ipinaliwanag at pinagtibay ni Jesucristo, ay ang dalisay na pagpapadama ng pag-ibig ng Dios sa mga tao. Ito ang pundasyon ng lahat ng katuruan sa Biblia, na ipinakikita kung paano natin maipadarama ang pag-ibig natin sa Dios at sa ating kapwa-tao, ang pinakasentro ng ating kristiyanong pamumuhay.

Ito ang utos na ibinigay ng Dios sa bayang Israel matapos na sila'y alisin sa pagkaalipin sa bansang Ehipto, sa bundok ng Sinai sa pamamagitan ni Moises. Subalit ito'y makailang beses nilang sinuway at winalang bahala na nagbunga ng pagkakawatak watak ng Israel. Ito ring ang kautusang ipinangangaral ni Jesus na ipinaliwanag at pinagtibay Niya sa Mateo 5:21-48. Dito ipinabatid Niya na tayo maging Banal na gaya ng Kanyang Ama sa langit ay banal. Kabanalan sa isip, sa salita at sa Gawa.

(Exodo 20; Deuteronomio 5; Mateo 5:17-19; 21-48; Roma 13:10; 1 Corinto 7:19; Pahayag 12:17; 22:14)

22. TADHANA NG TAO

Sa unang kabanata pa lamang ng Biblia, sa Genesis ay naipahayag na ang hantungan o tadhana ng tao. Di tulad ng mga hayop, ang tao ay nilikha ayon sa wangis at larawan ng Dios. Nilikha ng Dios ang lahat ng nilalang upang magparami ayon sa kani-kanilang uri subalit ng likhain Niya ang tao, doon ay inumpisahan din ang plano Niyang magparami ayon sa Kanyang kauri sa pamamagitan ng tao.

Bagamat sa panimulang bahagi ng planong ito ng Dios, ang tao ay ginawa mula sa mapulang putik, hindi sa espiritu. Binigyan ng layang pumili ng Dios ang tao sa tama at mali, at binigyan ito ng kautusan upang turuan itong magkaroon ng tamang pag-uugali o katangian tulad ng sa Dios. Sa kabila nito, pinili pa rin ng tao ang lihis na daan, ang pagsuway sa ipinag-uutos ng Dios.

Ang pagsuway na ito ng tao ang nagtulak sa Dios upang ipadala ang bugtong Niyang anak na si Jesus para tubusin tayo sa ating kasalanan, at makapagsimulang muli ng bagong buhay sa pamamagitan ni Jesus na ating tagapagligtas, at bilang huwaran natin sa pagtupad sa kautusan ng Dios.

Kung tayo ay patuloy na susunod sa Dios, tayo ay mababago ayon sa pangakong pagkabuhay na muli sa mga patay, bubuhayin tayo sa espiritwal na katawan, katawang walang kasiraan o kamatayan. Ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios; ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan. Hindi tayong lahat ay mangatutulong, nguni't tayong lahat ay babaguhin. Sa isang sandali, sa isang kispap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.

Kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. Sa ganitong kalagayan tayo mabubuhay ng walang hanggan kasama si Jesus na ating kapatid at ng Dios Ama. (Genesis 1:26-28; Juan 17:1-5; 1 Corinto 15:50-54; 1 Tesalonica 4:13-17; Roma 8:18-23; 1 Corinto 15:12-23)

23. SABBATH

Ang lingguhang araw ng *Sabbath* (Sabado), ang banal na oras ng kapahingahan tuwing ikapitong araw mula Biernes paglubog ng araw hanggang Sabado paglubog ng araw, ay ginawa at inilaan para sa tao mula pa nung unang araw na likhain ang unang tao. Ang ganitong pagtatalaga ng araw ay nagmula sa biblia kung paano inihwalay ng Dios ang bawat araw nung likhain Niya ang sanlibutan sa buong kabanata ng Genesis 1. At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa.

Ang unang Sabbath ay ang araw ng likhain ng Dios ang tao, ang lalake at babae. Sa ganon ding panahon nagsimula ang personal na relasyon nga Dios sa tao na kanyang nilikha ayon sa Kanyang wangis at larawan.

Sinabi rin ni Jesus na Siya ang Panginoon ng Sabbath, at ito'y totoo, Siya mismo ang nagtatag ng Sabbath, ang Dios ama ay nilikha ang lahat sa pamamagitan Niya.

Ang *Sabbath* ay ang ika-pitong araw ng isang linggo (Sabado) na Itinuturo na dapat ipangilin ng tao at panatilihin banal ayon sa kautusan ng Dios, ang ika-apat na utos. Ito ay muling pinagtibay bilang bahagi ng kasunduan sa bayang Israel sa bundok ng Sinai kasama sa sampung utos ng Dios at itinuro din ni Jesus, bilang tagapaghatid balita ng Bagong tipan. Ang pagtalima sa Sabbath ay mahalaga sa ating relasyon sa Dios bilang ating Ama at Panginoon.

Ang *Sabbath* ay nagbabalik sa atin sa panahon nang likhain ng Dios ang lahat ng bagay, may buhay man o wala, at magpapaalaala sa atin ng Dios na Manlilikha. Sa kasalukuyan, nagpapagunita ito, sa lahat ng patuloy na sinusunod ito, ng Dios na nagligtas sa atin sa pagka-alipin natin sa kasalanan. Ito rin ay isang tanda ng mga tunay na bayan ng Dios.

Higit sa lahat, ang Sabbath ay magtuturo sa atin sa muling pagbabalik ni Jesucristo at ang pagtatatag ng kaharian ng Dios, kung saan magkakaroon ng tunay na kapahingahan sa buong sangkatauhan.

(Genesis 1; 2:2-3; Exodo 16; 20:8-11; 31:12-17; Marcos 2:27-28; Lucas 4:16; Juan 1:1-3, 14; Colosas 1:16-17; Hebreo 1:1-2)

24. TAKDANG KAPISTAHAN NG DIOS

Ang takdang Kapistahan na itinatag at itinalaga ng Dios, ay sinunod at pinanatili ng ninuno ng Israel at pinagpatuloy maging ng mga unang kristiyano sa bagong tipan.

Ang pitong Kapistahan ito ay lumalarawan sa kabuuang plano ng pagliligtas na gagawin ng Dios sa tao. Ito ay ipinagutos ng Dios na dapat taunang ipagdiwang upang maisaisip at maisapuso ng sinumang sumusunod sa Dios ang buong Niyang plano sa sangkatauhan. Ang buong Kapistahan ito ay nakatala sa Levitico 23 bilang Kapistahan ng Panginoon. (Levitico 23; Zacarias 14:16; Juan 7:8–10; Mga Gawa 2:1; 12:3; 20:6, 16; 27:9; 1 Corinto 5:8; 16:8)

25. KALENDARYONG HEBREO

Ang ‘Church of God International’ ay gumagamit ng Hebreo kalendaryo upang malaman ang Kapistahan ng Dios. Sa aklat na ‘The Comprehensive Hebrew Calendar, by Arthur Spier’ nakalista ang lahat ng Kapistahan ng Dios ng ‘Jewish calendar’ mula 1899 to 2100 A.D., kung saan maingat na ipinaliwanag ang patakaran na ginagamit ng Iglesia sa maraming panahon. Walang pasubali sa bagong tipan na ang Judio ay pinagkatiwalaan ng Karunungan at Aral ng Dios.

Naniniwala kami na ang Karunungan at Aral ng Dios na ito kasama di lamang sa lumang tipan, kundi pati ang pagpapanatili ng kalendaryo na kaloob ng Dios maging ang patakaran at alituntunin nito. (Roma 3:1–2)

26. PAGBIBIGAY NG IKAPU

Ang pagbibigay ng ikapu o ng ikasampung bahagi ng ating kita o ani ay isang uri ng pagsamba sa Dios. Ito ay isang pribadong bagay sa pagitan ng taong sumasamba at sa Dios. Ang ‘Church of God International’ ay hindi ipinipilit o binabantayan man ang inyong pagbibigay, ngunit itinuturo ang tungkulin ng mananampalataya na mag-ikapu, sapagkat ang bawat isa ay may katungkulan na parangalan at purihin ang Panginoon ng ating tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat ating ani. Sa pag-iikapu kinukuha ang pantustos sa mga gawain, at pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Dios. (Malakias 3:8–10; Mateo 6:21; 23:23; 2 Corinto 9:7)

27. KAUTUSAN UKOL SA PAGKAIN

Naniniwala kami na ang anumang kati o laman ng hayop na tinatawag na marumi ng Dios sa Levitico 11 at Deuteronomio 14 ay di nararapat kainin. Ang Dios ay gumawa ng maraming klase ng hayop na buhay na mananahan dito sa lupa kasama natin, at ang ilan dito ay maaaring kainin ng tao, subalit mayroon naman hayop na lubhang marumi na di dapat kainin. Ang kautusan ito ay ibinigay sa mga taga Israel na sinunod ni Jesus at ng kanyang mga alagad, maging ang mga unang kristiyano ng bagong tipan at patuloy na sinusunod sa kasalukuyan ng mga nananampalataya ng buong buo sa Salita ng Dios.

Maging si Pedro, sa aklat ng Mga Gawa, ay sinabing ‘Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal.’ Sa ganito’y makikita natin na maging ang mga Apostol ay patuloy na sinusunod ito. Ang katawan kaloob sa atin ng Dios ay banal at nais Niya huwag nating dumihan ito sa pagkain ng mga tinawag ng marumi. Sinabi ng Dios na ‘magpakabanal nga tayo at tayo'y maging mga banal; sapagka't Siya’y banal. (Genesis 7:2–3; 8:20; Levitico 3:17; 11; Deuteronomio 14:3–21; Mateo 5:17–19; Mga Gawa 10:9–15, 28)

28. KASALANAN

Ang kasalanan ay pagsuway sa kautusan ng Dios—hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Dios. Bagamat ang kabayaran ng kasalanan ay sa apoy ng impiyerno, ang lahat ng kasalanan at pagsuway ay maaaring mapatawad ng Dios na ibig na ang lahat ay maligtas. Pinatatawad ng Dios matapos magsisi sa kasalanan ang sinuman tatanggap at kikilala sa pagbubo ng dugo at paghahandog na ginawa ni Jesucristo ng kanyang sarili bilang buong kabayaran sa katumbas na parusa ng ating mga kasalanan.

(Roma 6:23; Efeso 4:32; Colosas 1:14; 1 Juan 3:4)

29. ANG KRISTIYANO

Ang tunay na kristiyano ay yaong nagsipagsisi ng kanilang mga kasalanan, tinanggap ang kaligtasan ng Dios sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus at kung saan nananahan ang Banal na Espiritu. Sila’y wala sa

laman kundi nasa sa Espiritu, kung gayo'y tumitira sa kanila ang Espiritu ng Dios. Datapuwa't kung ang sinoma'y walang Espiritu ni Cristo, siya'y hindi sa kaniya.

Ang tunay na Kristiyano ay makikita sa kanilang mga gawa, sa kanilang pagsunod nila sa kautusan ng Dios. Nakikita na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya;

(Roma 8:9; 1 Corinto 12:13; Santiago 2:18-22)

30. ESPIRITWAL NA RELASYON NG TAO AT DIOS

Ang espiritwal na relasyon ng tao at Dios ay nagsisimula sa pagsisisi ng tao sa kanyang kasalanan at pananampalataya sa Dios. Kapag ang mga pamantayan ito ay naririyon, ang Espiritu Santo ay ipanganganak ng Dios sa atin; Siya'y magiging Ama sa atin at tayo ay magiging anak Niya at sa ganito magsisimula ang relasyon tulad ng pamilya.

Upang mapanatili ang ganitong relasyon, isang buklod ang nabubuo sa atin habang patuloy ang pakikisama o pakikipag-ugnayan natin sa isa't isa, at sa ating Dios Ama at Panginoon Jesucristo. Ang bukas na pakikipagtalastasan, pag-uusap, at pagkalinga habang tayo'y nagsasama-sama ay ilang paraan din para mabuo ang relasyong pampamilya. Nangyayari ito malimit sa Sabbath na ating pinagsasaluhan tuwing Sabado at sa mga Kapistahang itinalaga ng Dios.

Ang relasyon natin sa Dios ay pinalalago sa pamamagitan apat na mahalagang sangkap: panalangin, pag-aaral ng biblia, paghinay-hinay at pag aayuno. Habang patuloy natin ginagawa ito, isang personal na relasyon ang naitatag na nagbibigay sa atin ng kapayapaan ng puso, pagtiwala at buhay na pananampalataya sa Dios.

(Mateo 6:5–13; Mga Gawa 2:38; Roma 8:15–16; 1 Timoteo 2:15; 3:16; Hebreo 1:1–2; 2:10–18; 1 Juan 1:3; Daniel 6:10)

31. RELASYON NG TAO SA KANYANG KAPWA

Una sa lahat, dapat nating maunawaan na tayo ay iisang pamilya—sa pare-parehong mga ugat tayo nagmula. Bilang pamilya, kailangan nating mabuhay ng mapayapa sa isa't isa hanggang maaari, tulad ng sinasabi ng huling anim sa 10 kautusan ng Dios.

Ibinigay sa atin ni Jesus ang kautusan upang mabuhay tayo ng may kapayapaan sa ating kapwa tao. Sinabi Niya na ibigin natin ang ating kapwa tulad ng pag-ibig natin sa ating sarili at itinuro rin sa atin kung paano malulutas ang suliranin natin sa isa't isa.

Itinuro rin sa atin ng kasulatan na kalingain natin ang pangangailangan ng iba, at tulungan ang sinuman sa abot ng ating makakaya.

(Exodo 20:12–17; Deuteronomio 22:1–4; Mateo 18:15–17; 22:39; 25:34–40; Filipos 2:2–4; Lucas 10:29–37; Hebreo 12:14; Santiago 2:8)

32. ANG KRISTIYANONG PAMILYA

Ang relasyong mag-asawa ay ang sandigan ng pamilya, na sentro ng matatag na lipunan. Bilang pangunahin pisikal na pagkakatulad ng plano ng Dios sa sangkatauhan, ang pag-aasawa, pagpapalaki ng anak, at ang pamilya ay binigyan ng mataas na antas sa mga katuruan sa biblia at ng iglesia. Bagamat ang bawat mga tungkulin ay tinukoy, ang lalake at babae ay may pantay na kakayanang ispiritwal sa Dios.

(Exodo 20:12; Malakias 4:5–6; Efeso 5:22–29; 6:1–3; 1 Pedro 3:7)

33. PAGPAPAGALING NG MAY SAKIT

Ang dakilang pagpapagaling ay isang himala mula sa Dios dahil sa kanyang habag at pag-ibig na ipinaabot sa sinumang tumatawag sa Kanya sa panahon ng pangangailangan, na naaayon sa kanilang pananampalataya.

Ang mga pagpapagaling ni Jesucristo ay nagpapakita ng Kanyang kapangyarihan magpadama ng habag, pagpapatawad ng kasalanan at higit sa lahat ay buhayin ang mga namatay at itatag ang kaharian ng Dios dito sa lupa.

(Mateo 9:1–7; Santiago 5:14–15)

34. ANG IGLESIA NG DIOS

Ang Iglesia ay espiritwal na katawan ni Jesucristo, pangkat ng mga taong tinawag ng Dios, at pinagkalooban ng Espiritu Santo. Bilang espiritwal na katawan, ang Iglesia ay binubuo ng mga nabautismuhan, puspos ng Espiritu Santo na nakakalat sa buong mundo.

(1 Corinto 12:12–14, 27; Colosas 3:15)

35. ANG LAYUNIN NG IGLESIA NG DIOS

Ang Iglesia ng Dios ay may mandato o kautusang ipagpatuloy ang pagiging saksi at ipamalita ang mensahe ni Jesucristo na pinasimulan sa pamamagitan ng Kanyang buhay, mga katuruan at paghahandog ng sarili sa bawat tao at sa lahat ng mga bansa. Ito ay maisasakatuparan sa mga biyayang mayroon ang Iglesia at sa mga espiritwal na kaloob ng ating Ama sa langit.

Kung paanong ang katawan ay may iba't ibang bahagi, gayon din naman ang sinumang kabilang sa Iglesia ay may katungkulan sa pamamahala at pagpapatatag ng pananampalataya. Bawat isa ay may kalayaan at pribilehiyo na sundin ang ating Tagapagligtas at mabuhay bilang bagong nilalang kay Cristo, silang mga tapat ang magpapatuloy ng gawain ni Jesus upang ipalaganap ang magandang balita ng pagdating ng Kaharian ng Dios.

Higit sa lahat, ipinangako ni Jesus na ang kasiglahan ng kanyang Iglesia sa lahat ng panahon ay makikita sa bawat kapatid sa pananampalataya sa pamamagitan ng pagkalinga at pagmamahalan sa isa't isa, anuman ang kasarian, lahi, idad at katatayuan sa buhay.

(Mateo 28:19–20; Marcos 1:15, 16:15–16; Mga Gawa 1:7–8; Mateo 16:18–19; Lucas 24:44–47, 4:18–19)

36. ANG MINISTERIO O PAGLILINGKOD

Ang ministeryo ng Panginoong Jesucristo at ng Iglesia ng bagong tipan ay ministeryo ng paglilingkod sa Dios at ng kanyang tagasunod, at pagpapatuloy ng misyon ni Jesucristo sa mundo. Ito ay may katungkulan pagtuturo, pagpapalago sa pananampalataya at pamamahala sa Iglesia. Ang ministeryo ni Jesucristo ay hindi pamumuno ng isang tao lamang kundi pangkalahatang pagtutulong-tulong ng bawat kasapi nito.

Ang Biblia ang bumabalangkas ng mga katungkulan para sa paglilingkod sa Iglesia ng Dios, at nagdidikta ng mataas na uri ng moralidad at nararapat ugaliin ng lahat ng lingkod ng Dios.

(Mateo 4:23; Lucas 4:18–19; 1 Corinto 1:24, 12:28; Tito 1:5–9; 1 Timoteo 3:1–13, 5:17–21; 2 Timoteo 2:24–26; 1 Pedro 5)

37. PAGSASAMA-SAMA

Ang pagsasama-sama ng magkakapatid sa pananampalataya ay madalas mabanggit sa bagong tipan. Ito ay kinakailangan ng sinumang nananampalataya na panatilihin maningas sa paglilingkod at pag-ibig sa Dios. Ang pagsasama ay nagpapahiwatig ng sumusunod na konsepto; pagkakaisa, pakikiapag-ugnayan, pakikibahagi, pakikisama at pagbibigay.

Ang Espiritu Santo ay kasama natin sa pagsasamang ito na nangyayari sa loob ng Iglesia. Sa ganito'y may pakikisama rin tayo sa Dios Ama at ni Jesus na ating panginoon. Si Apostol Juan ang nagsabi na “Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nagsisinungaling tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan: Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan.

(1 Corinto 1:9, 10:20; 2 Corinto 6:14; Efeso 4:1–6; Filipos 2:1; Hebreo 10:24–25; 1 Juan 1:3, 6–7)

